REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94 - 138

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MASIDHING PAGTUTOL SA "SUMMARY EVICTION AT DEMOLITION" NG MGA TAHANAN SA ALABANG STOCK FARM (ASF).

************************************************************

SAPAGKAT, napag-alaman ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa isang pampublikong pagdinig na ginanap noong Mayo 18, 1994 ganap na ika-2:00 ng hapon sa People's Center, Muntinlupa na binibigyan ang mga residente ng ASF ng hanggang Hunyo 2, 1994 na kusang alisin ang kanilang bahay at istraktura sa loob ng ASF ayon sa atas ng PEA at FDC;

SAPAGKAT, libo-libong mga residente ang maaapektuhan ng nasabing relokasyon na magiging sanhi ng kanilang pagkawala ng tirahan at hanapbuhay;

SAPAGKAT, ang mga nasabing residente ay nakikiusap sa Pamahalaang Bayan na sila ay tulungan sa pakikipag-usap sa kahilingan sa PEA at FDC na mabigyan ng relokasyon mismo sa loob ng ASF na ang nasabing relokasyon ay higit na malaki at maluwag sa binibigay na 21.4 square meters na espasyon bawat pamilya;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan at PEA ay nagkasundo na idudulog muna sa Department of Justice (DOJ) ang kahilingan ng Pamahalaang Bayan na magkaroon ng dalawampung porsiyento (20%) sa kabuuang 244 ektarya ng lupa ng ASF;

SAPAGKAT, hindi pa napagpapasiyahan ang kahilingang kapantay na bahagi (equitable share) ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa nasabing lupa at ang pagbuo ng isang task force upang patuloy na lutasin ang namamagitang problema sa panig ng mga residente ng ASF at ng Public Estate Authority (PEA) at Filinvest Development Corporation (FDC).

SAPAGKAT, habang ito ay hindi pa napagpapasiyahan ng DOJ, nararapat lamang na wala munang aksiyong gagawin ang magkabilang panig upang maiwasan ang anumang kaguluhan at hindi pagkakaunawaan;

SAPAGKAT, upang malutas ang problema sa pagitan ng mga residente ng ASF at sa PEA at ng FDC, isang Task Force ang binubuo upang patuloy ang pag-uusap, konsultasyon at koordinasyon;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



SAPAGKAT, ang Task Force na ito ay bubuuin ng kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa mula sa Tanggapan ng Punongbyan at ng Sangguniang Bayan, kinatawan ng residente ng ASF at kinatawan ng PEA at FDC;

NGAYON, DAHIL DITO ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan ang masidhing pagtutol sa "Summary Eviction at Demolition" ng mga tahanan sa Alabang Stock Farm (ASF).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Mayo, 1994 sa Session Hall, People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan